Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

716

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG AGOSTO 17, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:50 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... | PANGALAWANG PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon | ..... | Kagawad |
| *Kagalang-galang Ramon D. Tan* | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Romulo A. Elca | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad |
| *Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat* | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Angelito U. Limjuco | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Oscar F. Feliciano | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ..... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| *Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes* | . | *Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan* |

**KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 18-T2009**

**KAUTUSANG INILILIPAT ANG HALAGANG ISANG DAA'T DALAWANG LIBO WALUMPU'T PITONG PISO AT TATLUMPU'T ANIM NA SENTIMOS (Php102,087.36) GALING SA PONDO NG ADMINISTRATIVE ASSISTANT III (COMPUTER OPERATOR II) NG PONDO SA PANTAUHANG PAGLILINGKOD MULA SA BUWAN NG ENERO HANGGANG HULYO TAONG 2009 NA MAY KABUUANG HALAGANG Php121,083.50 UPANG ILAAN SA MGA BAKANTENG POSISYONG LOCAL LEGISLATIVE STAFF EMPLOYEE I, ADMINISTRATIVE AIDE III (UTILITY WORKER II) AT LOCAL LEGISLATIVE STAFF EMPLOYEE II NG TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN PARA SA BUWAN NG OKTUBRE HANGGANG DISYEMBRE NG TAON DING ITO.**

**SAPAGKA'T**, lubhang pinahahalagahan ng tanggapang ito ang pagtataas sa antas ng propesyunalismo sa pamahalaang bayan;

**SAPAGKA'T**, may mga kawani ng Tanggapan ng Sangguniang Bayan na matagal nang naglilingkod nang may katapatan at kakayahang magampanan ang kanilang mga gawain;

**SAPAGKA'T**, napapanahong magsagawa ng pag-aangat ng mga posisyon para sa kapakinabangan at kagalingan ng kanilang paglilingkod;

**SAPAGKA'T**, may pondong pagkukunan at ilalaan para sa pag-aangat ng mga posisyon ng naturang tanggapan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Ramon D. Tan at Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang mga sumusunod na:

**SEKSYON 1** – Ilipat ang halagang Php102,087.36 galing sa pondo ng posisyong Administrative Assistant III (Computer Operator II) ng pondo sa Pantauhang Paglilingkod mula sa buwan ng Enero hanggang Hulyo taong 2009 na may kabuuang halagang Php121,083.50 upang ilaan sa mga bakanteng posisyong Local Legislative Staff Employee I, Administrative Aide III (Utility Worker II) at Local Legislative Staff Employee II ng Tanggapan ng Sangguniang Bayan para sa buwan ng Oktubre hanggang Disyembre ng taon ding ito.

**SEKSYON 2** – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos mapagtibay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kautusang ito ang Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Pinunong Pantauhan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**LOUIE C. DE LEON**
Kagawad

**RAMON D. TAN**
Kagawad

**JUN M. ASINAS**
Kagawad

**ROMULO A. ELCA**
Kagawad

**LAURA P. OBLIGACION**
Kagawad

**ROSELON F. PAMATMAT**
Kagawad

**ANGELITO U. LIMJUCO**
Kagawad

**OSCAR F. FELICIANO**
Kagawad

**ISAGANI R. MALAPAYA**
Kagawad

**JOHN CARLOS C. DELOS REYES**
Kagawad

NAGPATOTOO:

**ALAN T. PAMATMAT**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan